**Pamagat**: Iwasan ang Pakikipagbahagi sa Kasalanan

**Texto**: 2 John 10-11 "If there come any unto you, and bring not this doctrine, receive him not into your house, neither bid him God speed: (v. 11) For he that biddeth him God speed is partaker of his evil deeds."
*Pagsasalin*: (v. 10) Kung sa inyo'y dumating ang sinuman at hindi dala ang aral na ito, huwag ninyong tanggapin sa inyong bahay, at huwag ninyo siyang batiin, (v.11) sapagkat ang bumabati sa kanya ay nakikibahagi sa kanyang masasamang gawa.

**Panimula**:
1. Ang intensyon ngayon na susuriin natin ay ang turo ni Juan patungkol sa mga nagdudulot ng mga maling doktrina or aralin patungkol kay Jesu-Christo.
2. Ano ang dapat nating gawin sa mga manlilinlang?

I. **Huwag Silang Suportahan** (v. 10)
   A. Hindi sila mga disipulo ni Christo.
   B. Hindi sila dapat tanggapin na tilang mga disipilo ni Christo. (Prayers, giving, greetings or well-wishes).
   C. Mali ang doktrina nila patungkol kay Jesus. (Hindi siya Dios, Anak ng Dios, Dios na nagkatawang-tao; Hindi siya Messiah; Hindi siya naparito bilang tubos sa ating mga kasalanan at kaligtasan).
   D. Maari na itong hinirang na ginang ay magiliw at mapagbigay at baka siya ay pagsamantalahin ng mga sumusuway sa doktrina ni Christo.
   E. Ang mga tumatanggi sa pananampalataya ay naninira ng mga kaluluwa.
   F. Kahit na ginang – nararapat na malaman ang kalagayan ng relihiyon at mga maling turo at maling tagapagturo.

II. **Bakit Hindi Sila Dapat Suportahan?** (v. 11)
   A. Ang pagbibigay pabor at pagmamahal sa manlilinlang ay nakikibahagi sa kasalanan.
   B. Ito ang mga pamamaraan na kung saan sumasalo tayo sa kamalian:
      B.1. Maling katahimikan.
      B.2. Katamaran.
      B.3. Kawalang-bahala
      B.4. Pribadong kontribusyon
      B.5. Diretsong tulong
      B.6. Panloob na pagapruba
      B.7. Tawad at Pagtatangol
   C. Huwag tayong maging makasalanan ng dahil sa kasalanan ng iba.

**Katapusan**:
1. Ganito rin ang payo ni Apostol Paulo (Galatians 1:8).
2. Ganito rin ang kapanahunan natin ngayon (2 Timothy 3:13; 1 John 4:1).
3. Hindi tayo basta-basta nakikisama sa kahit kanino. Naniniwala tayo sa doktrina ng Separation (Pagiging Hiwalay sa Kasalanan at Kamalian at Kamunduhan).
4. Importante ito para sa kadalisayan ng pananampalataya, ng iglesia (pagpupulong), at proteksyon ng bawat Christiano.
5. Tulungan nawa tayo ng Banal na Espiritu para sa ating ikabubuti at sa Kanyang kapurihan.